Seattle City Light pahayagan ng kustomer:
Marso-Abril 2013 Light Reading

Mula sa superintendente

Noong 1970, ang unang Araw ng Daigdig ay ipinagdiwang sa *spring solstice*. Apatnapung taon na ang nakakaraan, ang City Light ay naging lider ng kapanagutan sa kapaligiran, na nagtataguyod ng konserbasyon sa enerhiya.

Ipinagpapatuloy namin ngayon ang tradisyong iyon sa pamamagitan ng pag-alok sa aming mga kostumer ng mga diskwento at iba pang programang nakatitipid ng pera at kuryente. Alamin ang higit pa sa www.seattle.gov/light/conserve.

Karamihan ng enerhiya ng City Light ay nagmumula sa mga prinsang haydroelektriko: Hangganan ang hilagang-silangan ng Washington, at ang aming tatlong *low-impact* na mga prinsa sa Ilog Skagit sa Hilagang Cascades.

Itong malinis, luntiang enerhiya ay isang bagay na maaari ninyong ipagmamalaki, at bilang kapwa may-ari ng pampublikong palingkurang-bayang ito, iniimbitahan kayo upang bisitahin ang aming kalapit na operasyon ng Skagit. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa aming mga Skagit Tours, mangyaring bisitahin ang website na ito: http://www.seattle.gov/light/tours/skagit/
- Jorge Carrasco, superintendente ng Seattle City Light

Sumali sa Green Up

Mamuhunan sa napapanibagong enerhiya: Sumali sa programang *Green Up* ng City Light sa pamamagitan ng pagdagdag ng $3, $6 o $12 sa inyong buwanang bayarin. Magpalista sa www.seattle.gov/green o tumawag sa 206.684.3000.

Bagong diskwento para sa LED

Ang City Light ay ngayo'y nag-aalok ng kaagad na $10 na diskwento sa napabilang na ENERGY STAR na mga LED (light-emitting diode). Ang mga LED ay nagbibigay ng de-kalidad na ilaw na tumatagal ng mahabang panahon-- katumbas ng 50 karaniwang mga bombilya. Para sa listahan ng mga tindahan, bisitahin ang www.seattle.gov/twistandsave.

Kung kayo ay may tanong tungkol sa mga programa ng City Light sa konserbasyon ng enerhiya o napapanibagong kuryente, tawagan ang isang Tagapayo sa Enerhiya sa 206.684.3800 o mag-email sa SCLEnergyAdvisor@seattle.gov.

Ulat ng City Light

Naririto ang isang ulat tungkol sa mga layunin ng City Light para sa 2012, at kung gaano kahusay namin natugunan ang mga layuning iyon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 206.684.3111.

Paano Namin Sinusukat ang Aming Tagumpay	Ang Layuning Nais Naming Makamtan	Katuparan sa 2012	Layuning Nakamtan
Makamit ng J.D. Power ang #1 katayuan hinggil sa serbisyo sa kostumer.	#1 katayuan sa mga palingkurang-bayan	Tumanggap ng #2 katayuan sa mga katamtamang laking palingkurang-bayan sa kanluran; #12 pangkalahatang katayuan sa bansa	
Ang porsyento ng mga tawag sa telepono na nasasagot ng representante ng *call-center* ng palingkurang-bayan sa loob ng 60 segundo.	80%	76%	
Dalas ng di-plinanong mga pagkawala ng kuryente na sanhi ng mga puno sa mga linya, nagpapalyang makinarya, atbp., sa bawat taon, sa bawat kostumer.	Isang pagkawala ng kuryente o mas mababa	1	X
Tagal ng di-plinanong mga pagkawala ng kuryente bawat kostumer, bawat taon.	65.1 minuto o mas mababa	68.5 minuto	
Bilang ng mga reklamo bawat 1,000 na kostumer.	4	0.9	X
Porsyento ng kamalian sa mga kuwenta ng kabayarang tinatanggap ng mga kostumer.	2%	1.20%	X
Oras na kinakailangan sa pagkabit ng kuryente sa tahanan/maliit na komersyo na nangangailangan ng serbisyong panlabas.	40 araw	33 araw	X
Ipon mula sa pagtitipid ng enerhiya ng mga kostumer.	14 karaniwang *megawatt*	13 karaniwang *megawatt na* natipid (sapat upang bigyan ng kuryente ang 12,739 karaniwang sambahayan sa loob ng isang taon)	
Pagkukumpuni ng ilaw-kalye.	90% tapos sa loob ng 10 araw na may trabaho kung simple lamang ang kukumpunihin	89.67%	
Natapos na mga proyektong pagpapabuti ng puhunan.	90% ang nakumpleto bawat taon 90% nasa oras/nasa badyet	96% 100%	X X
Bawasan/hadlangan ang pagbuga ng *greenhouse-gas* upang maiwasan ang pagpalit ng klima.	100% nahadlangan ang pagbuga ng karbon	Lahat ng binugang karbon nahandlangan sa ika-8 na taong magkasunod	X
Paggupit ng mga punong malalapit sa mga linya ng kuryente upang iangat ang kahusayan	600 linyang-milyahe ang nagupitan	692 linyang-milyahe ang nagupitan	X

Impormasyong City Light
700 Fifth Avenue, Suite 3200
PO Box 4023, Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
www.twitter.com/SeaCityLight
Mga katanungan, komentaryo o mungkahi? Tumawag sa 206.684.3000 o makipag-ugnay sa Tell Seattle City Light sa www.seattle.gov/light.
Editor: Connie McDougall connie.mcdougall@seattle.gov